# Mga paraan para protektahan ang pagkakakilanlan ng isang aplikante para sa red flag

Kapag nag-apply ka para sa pang-emergency na kautusan ng pagbabawal o pang-emergency na kautusan ng limitasyon sa pag-access, may mga paraan para maprotektahan ang pagkakakilanlan mo o ng sinumang kakilala mo. Kapag gumawa ka ng aplikasyon sa batas sa "red flag," hindi aabisuhan tungkol sa aplikasyon ang tao kung para kanino ang kautusan at wala siya sa pagdinig. Aabisuhan lang tungkol sa kautusan ang taong napapailalim dito kung ibibigay ito ng hukom. Posible ring pagpasyahan ng hukom na isara ang pagdining sa publiko at media.

Puwede kang mag-apply sa hukuman na alisin ang impormasyong tumutukoy sa iyo o sinumang kakilala mo mula sa mga dokumento para sa anumang panahon, o panatilihing selyado ito sa tagal ng pang-emergency na kautusan. Tutukuyin ng hukuman kung kinakailangan ito para protektahan ka o sinumang kakilala mo.

Sa panahon ng pang-emergency na kautusan, puwedeng magtakda ang hukuman ng isa pang pagdinig para sa mas matagal na kautusan. Kung gagawin nila ito, aabisuhan ang tao at posibleng naroon siya para sa pagdinig. Kung pinoprotektahan ang impormasyong nagbibigay ng pagkakakilanlan sa panahon ng pang-emergency na kautusan, patuloy na poprotektahan ito kahit hanggang matapos lang ang pagdinig para sa mas matagal na kautusan.

Kung permanenteng inalis ng hukuman ang impormasyong nagbibigay ng pagkakakilanlan, mananatili itong nakaalis.

Magagawa ng sinuman ang mag-apply para ma-access ang nakaalis o nakaselyong impormasyon, o baguhin kung paano pinoprotektahan ang impormasyon, tulad ng pagbago kung gaano katagal poprotektahan ang impormasyon. Posibleng piliin ng hukuman na tanggapin o tanggihan ang aplikasyon.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga batas sa red flag at mga proteksyong ito, makipag-ugnayan sa iyong lokal na hukuman. Matuto pa tungkol sa mga batas sa "red flag" at kung paano makakatulong ang mga ito sa pagpigil sa karahasan na nauugnay sa mga baril: https://www.canada.ca/red-flag-laws (https://canada.ca/lois-drapeaux-rouges)

Available din sa isang naa-access at digital na format online: https://www.publicsafety.gc.ca/cnt/rsrcs/pblctns/rd-flg-prtctn/index-en.aspx (https://www.securitepublique.gc.ca/cnt/rsrcs/pblctns/rd-flg-prtctn/index-fr.aspx)

© Ang Kanyang Kamahalan na Hari sa Karapatan ng Canada, na kinakatawan ng Ministro ng Pampublikong Kaligtasan at Paghahanda sa Emergency, 2026.

Marso 2026 Cat. No. PS4-334/3-2025Tgl-PDF ISBN 978-0-660-98366-0